



### **Mga Madalas Itanong Tungkol sa mga Kambal at Mahiqit pa sa Isang Pares na Magkakakambal (Multiples)**

Kung gusto ninyo ng puwesto para sa mga kambal, triplet (tatlong magkakakamble) o multiple (higit pa sa tatlong magkakakambal), kung saan magkakapareho sila ng grado at programa sa iisang paaralan, kailangang nakasaad sa bawat aplikasyon ang piniling magkakaparehong paaralan at programa, sa pareho ring pagkakasunod-sunod.

Kailangang sumagot ang magulang/tagapatnubay ng "OO (YES)" sa tanong sa seksiyon 6 sa form para sa pag-aaplay, na nagsasaad na dapat bigyan ng puwesto na magkasama ang mga kambal.

Sisikapin ng proseso ng pagtatalaga ng puwesto sa mga estudyante ang paglalagay sa mga estudyante sa iisang paaralan kung may makukuhang espasyo.

Kung hindi makapag-aalok ng puwesto sa isa sa mga hinihiling na paaralan, bibigyan ng puwesto ang mga estudyante nang magkakasama sa paaralan na pinakamalapit sa bahay, at kung saan may bukas na puwesto batay makakayanan ng espasyo.

Kapag hindi ninyo isinaad na gusto ninyong mabigyan ng magkakasamang puwesto ang inyong mga kambal, ituturing sila bilang mga indibidwal na estudyante sa kabuuan ng proseso ng pagbibigay ng puwesto. Kung mahihwalay sila sa isa't isa, at kung magsusumite ang magulang ng naamyendahan nang aplikasyon, tatanggap ang isa sa mga kambal ng prayoridad bilang kapatid (sibling priority) sa paaralan sa mga susunod pang assignment period (takdang panahon ng pagtatalaga ng puwesto) para sa anumang makukuhang bukas na puwesto.

#### **Ano ang mangyayari kapag i-tsinek ko ang kahon na "Oo " sa aplikasyon para sa pagpapa-enroll upang mabigyan ng mga puwesto kung saan magkasama ang aking mga kambal?**

Kapag i-tsinek ninyo ang kahon na "oo," na nagsasaad na gusto ninyong mabigyan ng mga puwestong kung saan magkasama ang inyong mga kambal, ituturing sila ng proseso ng pagtatalaga ng puwesto sa mga estudyante bilang mga indibidwal na estudyante sa unang bahagi ng naka-kompyuter na proseso. Kapag nakatanggap na ang isa sa mga kambal ng pansamantalang puwesto, iuugnay ang isa pang kambal sa kanyang kapatid, at pagsisikapan ng proseso na bigyan ng puwesto ang kapatid sa paaralan kung pahihintulutan ng espasyo. Kung walang espasyo para sa ikalawang kambal, hindi itatalaga roon ang isa man sa magkakambal. Kapag hindi nakakuha ng puwesto sa anumang piniling paaralan ang sinuman sa magkakambal, itatalaga pareho ang magkakambal sa paaralan na pinakamalapit sa bahay at may dalawang bukas na puwesto.

#### **Ano ang mangyayari kapag hindi ko i-tsinek ang kahon na "Oo" sa aplikasyon para sa pagpapa-enroll, upang mabigyan ng mga puwesto kung saan magkasama ang aking mga kambal?**

Kapag hindi ninyong i-tsinek ang kahon na "oo," na nagsasaad na gusto ninyong mabigyan ng mga puwesto kung saan magkasama ang inyong mga kambal, pupunta sila sa proseso ng pagtatalaga ng puwesto bilang mga indibidwal na estudyante, sa kabuuan ng prosesong ito. May posibilidad na mahiwalay sila sa prosesong ito.

#### **Ano-ano ang aking opsiyon kapag napaghiwalay ang aking mga kambal?**

Puwedeng magsumite ang magulang ng na-amyendahan nang form para sa pag-aaplay sa mga Panahon ng Pagbibigay ng Puwesto (Placement Periods) sa Mayo o Agosto, at nang masamahan ng isang kambal ang kanyang kakambal. Tatanggap ang kambal ng prayoridad bilang kapatid (sibling priority) sa proseso ng pagtatalaga ng puwesto, at nang makasama niya ang kanyang kakambal sa anumang bukas na puwesto sa hinaharap. Mas mataas na prayoridad ang pagtatalaga ng puwesto sa kapatid matapos ang mga apela, pero puwede lamang itong ialok kung mayroong bukas na puwesto sa paaralan at sa programa. Walang garantiya na magkakaroon ng bukas na puwesto upang mapagbigyan ang magkakapatid.

#### **Gusto kong mabigyan ng mga puwesto kung saan magkasama ang aking mga kambal, pero nag-aalala ako na ang paaralang mas hindi pinipili ang mapasukan nila; ano-ano ang aking opsiyon?**

Kailangang magdesisyon ang mga magulang ng mga kambal kung ano ang gusto nilang mangyari sa pagbibigay ng puwesto sa mga kambal. Kapag pinag-ugnay sila, matitiyak nito na magkasama silang mabibigyan ng puwesto, pero ang kapalit nito, posibleng pareho silang mabigyan ng puwesto sa paaralan na mas mababa ang ranggo sa hanay ng mga piniling paaralan, o sa paaralan na hindi pinili. Posibleng magresulta ang magkahiwalay na pagpoproseso sa aplikasyon ng magkakambal sa pagkuha ng isa sa kanila, o ng kakambal nito, ng alok sa paaralan na higit na pinipili; gayon man, hindi ito ginagarantiyahan.

#### **Nasa hindi transisyonal na grado (hindi K, ika-6 o ika-9) ang aking mga kambal, pero gusto kong kapwa sila ilipat sa ibang paaralan. Ano-ano ang aking opsiyon?**

Limitado lamang sa makukuhang bukas na puwesto ang pag-aaplay at pagtanggap ng puwesto sa paaralan at programa para sa hindi transisyonal na grado, dahil inaasahang magkakaroon ang mga estudyanteng kasalukuyang pumapasok na ng promosyon tungo sa susunod na grado.

Inirerekomendang i-tsek ng magulang ng mga kambal, na gustong pumasok sa ibang paaralan o programa, ang kahon na "oo" sa aplikasyon para sa pagpapa-enroll, at sa gayon, lilipat lamang ang mga kambal kung mayroong dalawang puwesto na makukuha. Kung hindi, may panganib na may isa sa magkakambal na mabibigyan ng puwesto, at hindi mabibigyan ang kanyang kakambal. Kapag nakatanggap ang magkakambal ng bagong puwesto, iwinawaksi na nila ang dating puwesto at wala nang oportunidad na balikan ito.